# P.S.T.

**Smugglaz**

Utak ko'y may pilay tawag sakin ay bali
Isang baso tinta mo ganun ba sakin ay balde
Ay mali isang tangke na dumadayo pa sa gyera
Bigatin ang bagsak kahit ang kambyo pang primera
Ako'y karayom beat ang tela letra ko mga sinulid
Binuo mga pinunit dinugtong mga ginuhit
Na mga salitang tatatak limutin man ito
Di kinaya ng papel kaya inukit sa bato
Na binuga di mo alam ano pang kaya kong gawin
Ako ang may saltik sa ulong di mo kayang gamutin
Kahit na magtawag pa ng limang espesyalista
Makakatikim ka ng balibag de batista
Sasamain ka wag na tangkain na
Iyong banggain ang bihasa na sa tinta
Wag ka nang sumulat mag-iba ka ng linya
Menor pa lang iwan ka na agwat ilang milya

Higpitan ang paghawak sa mic ng kanang kamay bago bilisan
Nang maipakita sa gustong sumabay ang taglay ko na kalupitan
Sa mga salitang pinalitan ng higit sa walong pangungusap
Ikinagulat ng mga hinayupak ang bara ko na mala-Tupac
Sa gigil ay di ko mapigil tapakan ng madiin ang silinyador
Aabutan mo pa kaya kung ang ikot ng gulong ay para bang bentilador
Dahilan para maglikha
Ng hanging buhawing magtataboy sa kung sinumang humarang sa gitna
Ang krimen na inabot ng buhay naging kritikal karumal-dumal
Na parang tinakot ng mga tunay na kriminal umaatungal
Sa galit dahil di magaya siguro mahirap lang kabisahin
Magpaturo ka ng maaga kaso gabi na amoy araw ka pa rin
Sa kakaiba ko na tunog sira ang entablado ay durog
Sa mala-Manny Pac kung sumuntok siguradong kalaban ay durog
Giba ang luma't istilong bulok ay resulta ng pagkabigo
Nabasag labas ang bungo pare kahit segunda pa lang ang takbo

Sumakay ka sakin para malaman mo na kung saan nga ba talaga ito papunta

Makina ko na gigil di ko na pinababatid nang di na lumiligoy
Mga kalooban namin na isina-musika madulas at malutong na pinadaloy
Sa pamamagitan ng dila na walang habag na pinapalagapak sa ngala-ngala
Tunog na ganto ay hindi mo makukuha yun ay kung tanga-tanga ka
Kaya wag ng sumabat at manahimik ka na lang kung ang nalalaman mo ay kakaram
pot
Mga sulat ay malalim pero di mo mapaliwanag kung saan-saan pinagdadadampot
Napakadami ng mga tiniis ko para lang maging kakaibing lirisismo
Hanggang sa di ko na namalayan na ang layo na ng binilis ko
Sa mga pagkakataon na ganito ay wala namang diperensya sa matulin na bibig
Kung ikaw ay desidido talaga na umunuwa ay marapat din na ikaw ay matuling m
akinig
Magkakatabi lahat ng mga pangungusap nakalutang sa lakas na di makontrol
Pina haging paatake pasugod ng aking dila na may tabas na hindi natututunang
 pumurol
Saking pagkatao'y nanaig ang pagnanasa na ako ay manatiling ganito
Patuloy na mananagasa sa matuling pagragasa kung saan ay ako'y nakasalo bila
ng ika-Pito
Naging isa sa pinaka malulupit bilang sumpa ng Shockra
Lahat naiwan ng dilat yan ang panganib ng tirsera

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!